

Mga Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Paaralan ng K-12: Appendix T1

Kamakailang mga Pagbabago – (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

12/28/20:

- Ang inaatas na panahon ng quarantine para sa mga indibidwal na malapitang nakasalamuha ng isang taong nasuri (diagnosed) na may COVID-19 ay pinaikli na. Ang mga malapitang nakasalamuha na nananatiling walang mga sintomas (asymptomatic) ay maaaring ilabas na mula sa pag-quarantine pagkatapos ng ika-10 Araw ngunit dapat na magpatuloy na subaybayan ang kanilang kalusugan at mahigpit na sumunod sa mga pag-iingat sa pag-iwas sa COVID-19 hanggang sa ika-14 na Araw.
- Ang mga paaralan ay inatasan na abisuhan ang DPH sa lahat ng kaso ng COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at mga bata na napunta sa paaralan sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago magkasakit. Ang mga kaso nang huli sa kampus nang higit 14 na araw bago magkasakit ay hindi na kailangang iulat ng entidad ng K-12 na paaralan sa DPH.
- Ang Seksyon C ay binago upang humanay sa Mga Landas ng Pagsasala sa Sintomas at Pagkakalantad para sa mga Taong nasa mga Institusyong Pang-edukasyon (Symptom and Exposure Screening Pathways for Persons at Educational Institutions) ng DPH.
- Nilinaw na kapag ang paaralan ay may isang pagsiklab, ang iba pang mga programang pambata na tumatakbo sa kampus ng paaralan bago, habang at pagkatapos ng mga oras ng paaralan ay dapat ring magsara, alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan (Temporary Targeted Safer at Home Health Officer Order) para sa Pagkontrol ng COVID-19, epektibo ng 12:01 ng umaga ng Disyembre 1, 2020 hanggang sa karagdagang abiso.
- Ang mga kawani ay dapat na magsuot ng pantakip ng mukha kapag sila ay nasa isang kubiko.
- Ang mga silid sa panandaliang pagpapahinga (break rooms) ay nagpaskil ng mga limitasyon sa pag-okupa at ang mga upuan ay nilagyan ng espasyo para tiyakin na ang mga kawani ay makapagpapanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng bawat isa.

11/28/20: Ang mga paaralan na tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na may isang pagsiklab (3 o higit pang mga kaso sa tagal na 14 na araw) ay dapat na magsara ng 14 na araw alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19, epektibo ng 12:01 ng umaga ng Disyembre 1, 2020 hanggang sa karagdagang abiso. Nagdagdag ng link sa COVID-19 Toolkit ng K-12.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitibay ang isang pamamaraan, suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, para paganahin ang mga paaralan na nagsisilbi sa mga mag-aaral mula kindergarten hanggang grade 12 na muling magbukas nang ligtas. Bilang karagdagan sa mga kondisyong ipinataw sa mga paaralan ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan at ng Kagawaran ng Edukasyon ng California, ang mga paaralan ay dapat ring sumunod sa mga protokol na ito sa kaligtasan ng empleyado at mag-aaral at mga protokol ng pagkontrol ng impeksyon.

Tandaan na alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan na ang mga paaralan na tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na may isang pagsiklab (3 o higit pang mga kaso sa tagal na 14 na araw) ay dapat na magsara ng 14 na araw. **Ang**

inaatas o kinakailangang pagsasara na ito ay nalalapat sa mga programang pambata na tumatakbo sa kampus ng paaralan bago, habang, o pagkatapos ng mga oras ng normal na paaralan. Kabilang rito, ngunit hindi limitado sa, Pangangalaga sa Araw para sa mga Batang nasa Edad nang Mag-aral, mga Kampo, at mga Programa sa Palakasan ng Kabataan.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may karagdagang impormasyon at mga bagong mapagkukunan. Pumunta sa <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang dokumentong ito ay nagsisimula sa pagtalakay sa mga kasalukuyang probisyon para sa edukasyon sa kampus sa Los Angeles County, at sinusundan ng impormasyon tungkol sa mga estratehiya sa kaligtasan partikular sa kapaligiran ng paaralan.

Ang listahan sa muling pagbubukas ng TK-12 ay nagsisimula sa pahina 4, at nagkaloob ng mga hakbang sa kaligtasan sa limang larangan:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado at mag-aaral
- (2) Mga hakbang para matiyak ang pisikal na pagdistansya
- (3) Mga hakbang para matiyak ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado, mag-aaral at pamilya ng mga mag-aaral at sa publiko
- (5) Mga hakbang para matiyak ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng inyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas. Ang mga paaralan ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinapatupad ay hindi naaangkop sa kapaligiran.

Espesyal na gabay para sa TK-12 na kapaligiran

Ang lahat ng mga paaralan ng K-12 sa mga county ng California na nasa Tier 1 ng Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint for a Safer Economy), kabilang ang Los Angeles County, ay pinagbabawalan na muling magbukas para sa harapang pagtuturo. Sa panahong ito, kung kailan ang mga paaralan ay nililimitahan sa malayuang pagtuturo (remote learning), apat na uri ng programa sa lugar ang pinahihintulutan. Bilang pagsunod sa utos na ito at bukod sa mga eksepsyon na ito, ang mga paaralan ng K-12 sa Los Angeles County ay maaaring magbukas lamang para sa malayuang pagtuturo. Sa panahong ito, ang mga empleyado at kawani, tulad ng tinukoy sa ibaba, ay maaaring pumasok sa kampus ng paaralan para magtrabaho upang masuportahan ang mga kinakailangang operasyon, pagpapatupad ng malayuang pagtuturo o magsagawa sa apat na pinahihintulutang uri ng pag-aaral sa kampus. Ito ay ang mga:

- **Pangagalanga sa araw (day care) para sa mga batang nasa edad nang mag-aral at/o mga programa sa pangangalang pambata na matatagpuan sa mga paaralan.**
 - Ang LEAs at mga paaralan na nag-aalok ng mga serbisyo sa pangangalaga sa araw para sa mga bata sa paaralan ay dapat na sumunod sa protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa Mga [Programa na Nagbibigay ng Pangangalaga sa Araw para sa Mga Batang nasa Edad nang Mag-aral](#) o ang [Patnubay para sa mga Tagapagbigay ng ECE](#). Ang mga programa na nagnanais na magbigay ng pangangalaga sa araw sa mga paaralan para sa mga batang nasa edad nang mag-aral ay dapat na makipag-usap sa kanilang [Pang-rehiyon na Tanggapan](#) ng Paglilisenasya sa Pangangalaga sa Komunidad (Community Care Licensing) para magtanong tungkol sa pagkakaroon ng mga pagpapaubaya (waivers) para sa mga lisensyadong pasilidad ng pangangalagang pambata at mga tagapagbigay na hindi saklaw ng lisensya dahil sa COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [PIN 20-22-CCP](#).

- Ang mga paaralan na nagkakaloob ng mga programa sa pangangalagang pambata para sa mga batang nasa edad nang mag-aral sa kanilang kampus ay dapat na ihain ang abiso para sa [Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pambata para sa mga Batang nasa Edad nang Mag-aral sa K-12 na mga lugar ng Paaralan](#) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County.
- **Mga dalubhasang serbisyo para sa mga tukoy na subgroup ng mga bata na nangangailangan ng personal na mga serbisyo at suporta**
 - Ang LEAs at mga paaralan ay hindi inaatas na magbigay ng mga dalubhasa, harapang serbisyo, ngunit kung magagawa ito ay maaaring magsilbi sa mga mag-aaral na may IEPs, mga mag-aaral ng Ingles na Wika, at mga mag-aaral na may mga pangangailangan na hindi matutugunan sa pamamagitan ng isang plataporma sa birtuwal na pagtuturo. Ang mga mag-aaral na ito ay maaaring pagsilbihan kapag kinakailangan, hangga't ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na naroroon sa lugar ay hindi hihigit sa 25% ng kabuuang bilang ng mag-aaral sa anumang isang panahon. Ang isang hindi saklaw sa 25% na tuntuning ito ay ang mga paaralan na nakatanggap ng isang pagpapaubaya (waiver) sa mga nagbabalik na mag-aaral sa mga gradong TK -2 para sa personal na pagtuturo. Ang mga paaralan na tumanggap ng isang pagpapaubaya ay pinahihintulutan na ibalik ang lahat ng mag-aaral sa mga gradong TK – 2 sa kampus kabilang ang mga mag-aaral na may mataas na pangangailangan sa mga gradong yon. Sa sitwasyon na yon, maaari ring ibalik ng paaralan ang hanggang sa 25% ng kabuuang pagtatala ng mag-aaral sa mga gradong 3 at pataas sa anumang iisang panahon para sa espesyal na suporta at serbisyo para sa mga mag-aaral na mataas ang pangangailangan sa mga gradong yon, hangga't ang paaralan ay nakakasunod sa mga kinakailangan sa pagdistansya, pagkontrol ng impeksyon, at pagpapangkat.
 - Ang mga dalubhasang serbisyo ay maaaring kabilangan ngunit hindi limitado sa mga serbisyo ng terapewtika na trabaho, mga serbisyo sa pananalita at wika, iba pang mga serbisyong medikal, mga serbisyong pangkaugalian, mga suportang serbisyo na pang-edukasyon bilang bahagi ng isang nakatuong estratehiya sa pamamagitan, o mga pagtatasa, tulad ng mga nauugnay sa katayuan ng Mag-aaral ng Ingles, Plano sa Edukasyon ng mga Indibidwal (Individualized Education Plans) at iba pang mga inaatas na pagtatasa.
 - Walang bata ang maaaring maging bahagi ng higit sa isang pangkat. Ang mga mag-aaral na bahagi ng isang pangkat ay maaaring lisanin ang pangkat para tumanggap ng mga karagdagang serbisyo. Gayunpaman, ang anumang mga karagdagang serbisyo ay dapat na ibigay ng isahan ng naaangkop na espesyalista sa isang ligtas na lugar na hiwalay sa lahat ng iba pang mga tao.
 - Ang mga paaralan ay dapat na sumang-ayon na makipagtulungan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan pagdating sa pagsusuri, pagsusubaybay, at dokumentasyon na iaatas para pahintulutan ang maingat na masusing pagsisiyasat ng mga kalusugan na kaugnay sa pasimulang panahon ng ekspansyon.
 - Hanggang sa umaayon sa mga dalubhasang pangangailangan ng mga mag-aaral sa isang ibinigay na pangkat, ang paggamit ng lugar sa labas nang hindi bababa sa 50% na bilang ng mag-aaral na pumapasok sa araw ay mariing hinihikayat
 - Ang LEAs at ang mga paaralan na piniling ipatupad ang mga on-site na serbisyong ito para sa mga mag-aaral na may dalubhasang pangangailangan, ay dapat na ipagbigay-alam sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ang kanilang mga plano bago ang pagsisimula ng mga serbisyo. Kung ang isang paaralan ay inaprubahan para sa isang pagpapaubaya sa muling pagbubukas para sa mga mag-aaral sa gradong TK – 2, ang paaralan ay inaatasan pa rin na maghain ng isang abiso para magkaloob ng serbisyo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan kung ang paaralan ay naglalayong ibalik sa kampus ang mga mag-aaral dagdag sa mga mag-aaral na nasa gradong TK – 2. Ang isang form sa pag-uulat ay maaaring matagpuan sa [Small Group Instruction Notification Form](#).

- Ang karagdagang impormasyon mula sa Estado tungkol sa mga dalubhasang serbisyo ay maaaring matagpuan sa Dalubhasang [Mga Suporta at Serbisyo](#).
- **Pagtuturo sa mga bata sa mismong lugar sa mga gradong TK-2 ng mga paaralan na nakatanggap ng isang pagpapaubaya (waiver) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa personal na edukasyon.**
 - Walang paaralan ang maaaring magdala ng mga mag-aaral sa mga gradong TK-2 sa loob ng kampus para sa pangkalahatang pagtuturo sa silid-aralan bago maaprubahan ang isang pagpapaubaya.
 - Ang mga ganap na tagubilin at ang aplikasyon (application) form ng pagpapaubaya (waiver) ay magagamit [dito](#).
- **Ang mga mag-aaral ay maaaring pumunta sa kampus para sa nabantayang pangangasiwa ng mga pagsusulit para makapasok sa kolehiyo, kabilang ang mga pagsusulit ng PSAT, ACT, at SAT.**
 - Ang mga pagsusulit para makapasok sa kolehiyo, kabilang ang mga pagsusulit ng PSAT, ACT, at SAT, ay maaaring isagawa sa mga paaralan hangga't ang mga mag-aaral ay angkop na naipangkat para sa buong tagal ng pagtatasa (hindi hihigit sa 12 na bilang ng mag-aaral sa bawat silid-aralan na may distansya na hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng mga mag-aaral at sa pagitan ng mga mag-aaral at guro.
 - Ang lahat ng mga mag-aaral ay may suot na mga pantakip sa mukha sa buong oras sa kampus, ang mga direktiba sa pagkontrol ng impeksyon ay naisaayos.
 - Walang pagtitipon sa mga oras ng pagdating at pag-uwi o habang panandaliang namamahinga mula sa pagsusulit.

Ang lahat ng mga hakbang para tiyakin ang mga kaligtasan ng mga empleyado at mag-aaral sa protokol na ito para sa Muling Pagbubukas ng mga TK-12 na Paaralan at sa nauugnay na protokol para sa Pangangasiwa sa Pagkalantad sa K-12 ay dapat na ipatupad at nalalapat para sa lahat ng mga tauhan sa mismong lugar, kabilang ang mga taong nagkakaloob ng mga dalubhasang serbisyo. Ang mga sumusunod na talata ay malinaw na ipinapakita ang mga estratehiya sa kaligtasan na partikular sa kapaligiran ng paaralan. **Mga karagdagang mapagkukunan para sa mga K-12 na Paaralan ay maaaring matagpuan sa COVID-19 Toolkit ng K-12 na Paaralan.**

PAGPAPANGKAT

Para sa lahat ng apat na uri ng programa sa lugar, ang mga mag-aaral ay dapat na organisado at magpatuloy sa araw sa loob ng mga pangkat, tinukoy bilang isang grupo na hindi pabago-bago na hindi hihigit sa 12 na bilang ng bata o kabataan at hindi hihigit sa dalawang nangangasiwang nakatatanda sa isang napangasiwang kapaligiran kung saan ang mga nangangasiwang nakatatanda at mga bata ay nananatiling magkakasama para sa lahat ng aktibidad (hal. mga kainan, paglilibang, atbp.), at iwasan ang pakikisalamuha sa mga taong labas sa kanilang grupo sa lugar.

- Tandaan na kung ang isang pangkat ay may mas kaunti sa 12 na bilang ng bata o kung ang isang bata ay tumigil sa pagdalo ng dati nang buong pangkat, ang ibang bata na hindi pa itinalaga sa isang pangkat, ay maaaring idagdag sa grupo para maabot ang pinakamarami na 12, hangga't ang lahat ng mga bata, sa oras na tinalagahan ay mananatili sa parehong pangkat sa lahat ng oras.
- Kung ang ilang bata ay itinalaga sa isang pangkat na hindi pabago-bago ngunit dumadalo lamang ng part-time, dapat silang maituring bilang ganap na mga miyembro at kabilang sa bilang ng pinakamarami na 12. Ang mga part-time na miyembro ay hindi maaaring "ibahagi" ang kanilang slot sa iba pang mga part-time na mag-aaral. Hindi maaaring idagdag sa lahat ng oras ang iba pang mga bata para maabot ang pinakamarami na 12 kalahok.
- Ang mga katulong (aides) na itinalaga sa mga indibidwal na bata ay hindi kailangang ituring bilang

mga nangangasiwang nakakatanda. Gayunpaman, dapat silang mabilang laban sa pinakamarami na 14 na bilang ng indibidwal na maaaring isama sa isang pangkat.

Ang mga mahahalaga na karagdagang detalye para sa pagpapatupad ng mga pangkat ay makikita mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Gabay sa California para sa mga Maliliit na Pangkat.

LIMITADONG DAMI NG TAO SA KAMPUS

Habang ang Local Education Agencies (LEAs) o mga paaralan ay maaaring malaan ang dami ng mga pangkat hanggang angkop para matugunan ang mga pangangailangan para sa mga dalubhasang serbisyo, ang kabuuang populasyon sa mismong kampus ay hindi maaaring lumampas sa 25% ng kabuuang lupon ng mag-aaral sa anumang isang pagkakataon. Ang 25% limitasyon ay hindi nalalapat sa mga batang nasa edad ng mag-aaral sa kampus na tumatanggap ng arawang pangangalaga habang nakikisali sa mga aktibidad ng malayong pag-aaral (distance learning), hindi rin ito nalalapat sa mga mag-aaral sa mga gradong TK-2 na nagbabalik pagkatapos mabigyan ng isang pagpapaubaya ng paaralan (school waiver). Ang mga paaralan na nabigyan ng isang pagpapaubaya para ibalik ang mga mag-aaral sa mga gradong TK – 2 ay maaaring magdala ng mga karagdagang mag-aaral sa kampus para sa mga dalubhasang serbisyo sa mga mas mataas sa gradong 2 ngunit hindi hanggang sa 25% ng kabuuang pagtatala sa bilang ng mag-aaral. Kung ang paaralan ay nabigyan na ng isang pagpapaubaya para sa mga gradong TK – 2, maaaring magdala ang mga paaralan ng karagdagang mag-aaral sa kampus para sa dalubhasang serbisyo at pagtatasa hanggang sa pinakamarami na 25% ng pagtatala ng mag-aaral sa mga gradong 3 at pataas, hangga't ang paaralan ay nakakasunod sa mga kinakailangan sa pagdistansya, pagkontrol ng impeksyon, at pagpapangkat.

MGA NANGANGASIWANG NAKATATANDA (SUPERVISING ADULT)

Ang isang nangangasiwang nakatatanda ay isang adulto na itinalaga sa isang pangkat ng mga bata o kabataan, na hindi pisikal na nakikihalubilo sa iba pang mga pangkat. Ang mga nangangasiwang nakatatanda ay maaaring kawani sa pangangalagang pambata, sertipikado o itinuturing kawani ng paaralan, mga boluntaryo, mga nakikilahok na magulang o tagapag-alaga, o iba pang itinalagang (mga) nangangasiwang nakatatanda. Ang isang katulong (aide) na nariyan para magkaloob ng suporta sa isang indibidwal na bata ay dapat na ituring bilang isang miyembro ng pangkat ngunit hindi isang nangangasiwang nakatatanda. Maaaring italaga ang isang nangangasiwang nakatatanda sa 2 magkaibang pangkat na hindi pabago-bago kung sila ay nag-aalok ng mga dalubhasang serbisyo/suporta na hindi maipagkaloob ng anumang iba pang nangangasiwang nakatatanda.

MGA NAPANGASIWAANG KAPALIGIRAN (SUPERVISED ENVIRONMENT)

Ang isang kapaligiran na napangasiwaan sa pangangalaga ay isang kapaligiran kung saan ang maraming mga bata o kabataan, mula sa maraming pamilya o sambahayan, ay sabay-sabay na pinangangasiwaan ng isang nakatatanda o adulto. Kabilang rito, ngunit hindi limitado sa, lisensyadong mga pasilidad sa pangangalagang pambata, lisensyadong mga programa sa pangangalagang pambata na walang bayad, mga napangasiwang programa sa lugar ng paaralan habang wala sa sesyon ang paaralan o nagkaloob ng kurikulum sa isang ayos ng malayuang pag-aaral, o kung saan ang ilang mga serbisyong pang-edukasyon ay iniaalok sa isang subgroup ng mag-aaral na tinukoy ng isang lokal na ahensyang pang-edukasyon sa isang paaralan.

Listahan sa Muling Pagbubukas ng TK hanggang Grado 12

Pangalan ng Institusyon: _____

Address: _____

Pinakamaraming Pag-okupa, ayon sa Code ng Apoy (Fire Code): _____

Tinatayang kabuuan na talampakang kuwadrado (square footage)
ng espasyo na bukas sa mga guro at/o mag-aaral: _____

Tinatayang kabuuang bilang ng mga administrador, guro, at iba pang mga empleyado na magbabalik para suportahan ang pagpapatuloy ng lahat ng mga pinahihintulutan na mga personal na serbisyo para sa mga mag-aaral:

Tinatayang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na magbabalik kada grado (kung wala, ilagay ang 0):

TK: _____ K: _____ 1: _____ 2: _____ 3: _____ 4: _____ 5: _____

6: _____ 7: _____ 8: _____ 9: _____ 10: _____ 11: _____ 12: _____

TANDAAN: Ang mga salitang “mga empleyado” at “kawani” ay ginamit sa mga protokol na ito para tumukoy sa mga indibidwal na nagtatrabaho sa isang pasilidad ng paaralan sa anumang kapasidad na nauugnay sa pagtuturo, pagsasanay, suporta sa mag-aaral, pagkakaloob ng mga terapewtika o personal na pagtulong sa mga indibidwal na mag-aaral, paglilinis o pagmementena ng pasilidad, administrasyon, o anumang iba pang aktibidad na inaatas sa paaralan upang gumana. “Ang mga empleyado” o “kawani” ay maaaring kabilangan ng mga indibidwal na: direktang binabayaran ng kaugnay na sistema ng paaralan, binabayaran ng mga entidad na kumikilos bilang mga kontraktor sa paaralan, binabayaran ng mga labas na entidad na kumikilos sa pakikipagtulungan sa paaralan para pagsilbihan ang mga mag-aaral, binabayaran ng mga ikatlong partido para magbigay ng mga serbisyo para sa mga indibidwal na mag-aaral, o mga hindi-bayad na boluntaryo na kumikilos sa ilalim ng patnubay ng paaralan para magsagawa ng mga kinakailangang tungkulin. Ang salitang “mga magulang” ay ginamit sa mga protokol na ito para tukuyin ang sinumang mga tao na nagsisilbi bilang mga tagapag-alaga (caregivers) o katiwala (guardians) sa mga mag-aaral.

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA PROTEKTAHAN ANG MGA KAWANI (“MGA EMPLEYADO”) AT MAG-AARAL (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT)

Ang paaralan ay may isang Plano sa Pagpigil, Pagtugon at Pagkontrol ng COVID-19 na inilalarawan ang komprehensibong pamamaraan para iwasan at pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa kampus. Ang plano ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na elemento:

- Isang itinalagang COVID-19 Koponang ng Pagsunod (Compliance Team) na responsable sa pagtatatag at pagpapatupad ng lahat ng mga pangkaligtasang protokol sa COVID-19 at pagtitiyak na ang lahat ng mga kawani at mag-aaral ay tatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Ang isang miyembro ng koponang ito ay itinalaga bilang isang tagapag-ugnay (liaison) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa kaganapan ng isang pagkalat sa kampus.
- Isang plano o protokol, para sa mga hakbang na agad na gagawin sa oras na maabisuhan ang mga opisyal ng paaralan na ang sinumang miyembro ng komunidad ng paaralan (mga guro, kawani, mag-aaral o bisita) ay positibong nasuri para sa COVID-19. Ang plano ay tinutugunan:
 - Ang agad na paghihiwalay ng kaso mula sa komunidad ng paaralan para ibukod ang sarili sa bahay kung ang pag-aabiso ay nagaganap habang ang kaso ay nasa mismong lugar (on-site). Ang plano ay dapat na magpahintulot para sa pansamantala, na pagbubukod ng kaso sa lugar kung ang mga pagsasaayos ay kakailanganin para iuwi ang tao sa kanilang bahay.
 - Ang mga fact-sheet o iba pang mga materyales na pang-impormasyon na ibibigay sa kaso (o naaangkop na miyembro/mga miyembro ng pamilya kung ang kaso ay isang bata) na sinasaklaw ang mga regulasyon hinggil sa sariling pagbubukod at mga ugnay (link) sa mga lugar (site) na may

higit pang impormasyon.

- Ang isang plano o protokol para pasimulan ang isang [Plano sa Pangangasiwa ng Pagkalantad sa Paaralan](#) (School Exposure Management Plan) na sumasang-ayon sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na binabalangkas ang mga pamamaraan para sa:
 - Pagbubukod ng (mga) kaso;
 - Pagkilala sa mga taong nalantad sa mga kaso sa paaralan;
 - Agarang pag-quarantine ng mga nalantad na empleyado at/o mag-aaral; at
 - Pagtitiyak ng akses sa pagsusuri (testing) para sa lahat ng mga nalantad na indibidwal sa loob ng paaralan bilang batayan para sa higit pang mga hakbang sa pagkontrol.
- Pag-aabiso sa DPH sa lahat ng mga kumpirmadong kaso ng sakit na COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at bata na nasa paaralan sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago magkasakit. Ang petsa sa pagsisimula ng sakit ay ang petsa ng pagsuri sa COVID-19 o ang Petsa ng Simula ng Sintomas (Symptom Onset Date) ng nahawaang tao, alinman ang mas maaga. Ang pag-uulat ng kaso ay dapat na gawin sa pamamagitan ng email sa pagkumpleto sa COVID-19 Kaso at Kontak na Linyang Listahan para sa Sektor na Pang-edukasyon at pagpapadala nito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov sa loob ng isang araw na may pasok sa pagkakaabiso ng kaso. Isang plano para iulat ang isang kumpol ng mga kaso (3 o higit pang mga kaso sa loob ng 14 na araw) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng email sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov o pagtawag sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay magtatrabaho kasama ang paaralan para tukuyin kung ang kumpol ay isang pagsiklab na kailangan ng isang pagtugon sa pagsiklab ng pampublikong kalusugan.
- Ang mga paaralan na tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na may isang pagsiklab (3 o higit pang mga kaso sa tagal na 14 na araw) ay dapat na magsara ng 14 na araw. Ang inaatas o kinakailangang pagsasara na ito ay nalalapat sa mga programang pambata na tumatakbo sa kampus ng paaralan bago, habang, o pagkatapos ng mga normal na oras ng paaralan. Kabilang rito, ngunit hindi limitado sa, Pangangalaga sa Araw para sa mga Batang nasa Edad nang Mag-aral, mga Kampo, at mga Programa sa Palakasan ng Kabataan.
- Mga plano para sa maaaring mangyari (contingency plans) para sa ganap o bahagyang pagsasara ng sa-personal na mga operasyon ng paaralan kung yan ay magiging kailangan batay sa isang pagkalat sa paaralan o komunidad.
- Isang plano o protokol para sa pagsasama ng pagsusubok sa pagmamatyag (surveillance testing) sa mga regular na operasyon ng paaralan ng lahat ng mga tauhan ng paaralan.
 - Ang plano ay dapat na ilarawan ang estratehiya para sa pagtitiyak ng akses sa pana-panahong pagsusuri para sa lahat ng mga tauhan ng paaralan kapag inatasan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan batay sa takbo ng lokal na sakit at/o pagkatapos ng pagkalutas ng isang pagkalat sa paaralan.
 - Ang plano ay dapat na isaad na ang lahat ng mga resulta sa pagsusubok sa pagmamatyag ay iuulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
- Ang mga vulnerable o mahihina sa sakit na mga empleyado (mga taong may edad na lagpas 65, at mga taong may malubhang mga kondisyon sa kalusugan na maglalagay sa kanila sa mataas na panganib kung mahahawaan) ay bibigyan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay kung kailanman maaari. Ang mga empleyado sa kategoryang ito ay dapat talakayin ang anumang mga alalahanin sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) o mga serbisyo sa propesyonal na kalusugan para makagawa ng mga naaangkop na desisyon sa pagbabalik sa lugar ng trabaho.
- Ang mga proseso sa trabaho ay nirekumpigura hangga't naaayon sa mga kinakailangang pang-akademiko at mga pangangailangan ng mag-aaral para madagdagan ang mga oportunidad para sa mga empleyado na magtrabaho mula sa bahay.
- Bilang pagsunod sa mga regulasyon sa pasahod at oras at mga mandato ng paaralan, pinasimulan ang salitan, halinhinan o shift na mga iskedyul upang mapakinabangan ang pisikal na pagdistansya saanman maaari.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit at kung sila ay

nalantad sa isang taong may COVID-19. Ang mga opisyal ng paaralan ay magbibigay ng impormasyon sa mga empleyado tungkol sa [mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o ng gobyerno](#), kabilang ang kanilang karapatan sa bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit tulad ng ginagarantiyahan ng [Families First Coronavirus Response Act](#).

- Ang paggamit ng mga pasilidad ng paaralan para sa mga layunin na hindi pampaaralan (mga pagpupulong o kaganapan ng komunidad, pagbisita sa mismong lugar (on-site) na klinika ng mga tao na hindi alinman mga mag-aaral o kawani, atbp.) ay hindi pinahihintulutan.
- Ang [mga pagsusuri sa empleyado](#) (employee screenings) ay maaaring isagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho. Ang mga pagsusuri ay dapat isama ang isang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw.
- Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung maaari.
- Ang sinumang tao na papasok sa ari-arian ng paaralan (kasama rin ang mga bus ng eskwelahan pati na rin ang mga gusali at bakuran ng paaralan) na nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao (mga mag-aaral, magulang o iba pang mga empleyado) ay inatasan na magsuot ng isang telang pantakip sa mukha.
 - Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang daanan na balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin.
 - Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip sa mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
 - **Bilang pagtupad sa UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG KASO) na inilabas noong Nobyembre 28, 2020, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip ng mukha sa lahat ng oras maliban kung nagtatrabaho nang mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partisyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga.**
 - Isang maskara (mask) na may medikal na grado ay ibinibigay sa sinumang empleyado na nangangalaga para sa mga may sakit na bata o may malapitang pakikisalamuha o kontak sa sinumang bata na may medikal na kondisyon na pinatitigil ang paggamit ng isang telang pantakip sa mukha.
 - Ang mga alternatibong estratehiyang pamproteksyon ay maaaring pagtibayin para tulungan ang mga mag-aaral na nasa Indibidwal ng Eduksayon o 504 na mga Plano at hindi makakagamit o makakayanan ang mga telang pantakip sa mukha.
- Ang mga empleyado ay inatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha. Ang mga magulang ay inatasan na tiyakin na ang mga bata ay mayroong malilinis na pantakip sa

mukha.

- Ang lahat ng mga indibidwal na estasyon ng empleyado o mga lugar na ginagamit ng mga empleyado na nagtatrabaho bilang bahagi ng isang koponan ay nagpapahintulot sa paghihiwalay ng hindi bababa sa 6 na talampakan. Ang kasangkapan ng silid-aralan ay isasaayos para pahintulutan ang isang distansya na hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng mesa ng guro at pinakamalapit na (mga) mag-aaral.
- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kabilang ang mga bisita. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginagamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga;
 - Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pagpapahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na anim na talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Ang lahat ng mga empleyado, mga kontraktor na nasa lugar, mga tagapagtinda at tauhan sa pagpapadala, paghahatid ay binigyan ng mga tagubilin tungkol sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya at inaatasang paggamit ng mga pantakip sa mukha kapag nasa paligid ng ibang mga tao.
- Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), mga banyo (restrooms), mga silid-aralan (classrooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao o binibisita ng kawani ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga silid sa panandaliang pamamahinga _____
 - Mga banyo _____
 - Mga silid-aralan _____
 - Mga laboratoryo _____
 - Tanggapan ng nars _____
 - Mga lugar sa pagpapayo at iba pang mga lugar sa suporta ng mag-aaral _____
 - Harap na tanggapan (Front office) _____
 - Iba pang mga tanggapan _____
 - Iba pa (awditoryum, gymnasium, aklatan kung ginagamit) _____



- Ang madalas na nahahawakang mga lugar sa mga silid sa panandaliang pamamahinga ng kawani ay madalas na dinidisipekta, at ang mga karaniwang napagsasaluhang bagay, tulad ng mga kapitera, palayok, at plato, ay pinapalitan ng minsanang gamit na mga bagay o lubos na nililinis pagkatapos ng bawat paggamit ng magkaibang tao.
- Ang pandisipekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon (itsek ang lahat ng nalalapat)
 - (Mga) Pasukan at (mga) labasan ng gusali
 - Sentral na tanggapan
 - Mga pasukan ng hagdanan
 - Pasukan ng elebeytor (kung naaangkop)
 - Mga silid-aralan
 - Silid sa panandaliang pamamahinga ng mga guro
 - Mga tanggapan ng guro: _____
- Ang sabon at tubig ay magagamit ng mga empleyado sa sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga empleyado ay binibigyan ng madalas na mga pagkakataon para hugasan ang kanilang mga kamay.
- Ang bawat empleyado ay tinalagahan ng kanilang sariling mga kasangkapan, gamit, kagamitan at tukoy na lugar ng trabaho. Ang pagbabahagi ng mga lugar ng trabaho ay pinadalang na o tinanggal na.
- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA NG MGA KAWANI, MAG-AARAL AT BISITA (ITSEK ANG LAHAT NG NALALAPAT)

- Pinakamaraming (maximum) bilang ng mga empleyado na pinahihintulutan sa pasilidad upang mapalaki ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan o may mga naaangkop na pisikal na harang kung saan ang 6 na talampakan na pagdistansya ay hindi posible, ay: _____
- Pinakamaraming bilang ng mga mag-aaral na pinahihintulutan sa pasilidad para tiyakin na hindi hihigit sa 10% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa anumang panahon at para mapalaki ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan o may mga naaangkop na pisikal na harang kung saan ang 6 na talampakan na pagdistansya ay hindi posible, ay: _____
- Ang mga hakbang ay isinaayos para matiyak ang pisikal na pagdistansya ng mga mag-aaral sa mga bus ng eskwelahan. Kabilang sa mga ito ang (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Pinakamarami na isang bata ang pahihintulutan kada upuan ng bus.
 - Inaatas ang mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras.
 - Paggamit ng salit-salitang mga hilera (mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas).
 - Mga bukas na bintana (kung pahihintulutan ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin at kaligtasan)

ng sumasakay, lalong-lalo na kung ang salit-salitang hilera ay hindi ipinatutupad).

- Karagdagang mga hakbang na ginagamit para tiyakin ang pisikal na pagdistansya (Itsek ang lahat ng nalalapat.)
 - Halinhinang mga oras sa pagsisimula ng paaralan para pahintulutan ang higit sa isang biyahe kada bus sa pagsisimula at pagtatapos ng paaralan.
 - Pagpapatupad ng mga hakbang na gagawing mas madali para sa mga magulang na ihatid ang mga mag-aaral papunta sa paaralan, tulad ng pagkakaroon ng maagang pagbubukas na may presensya ng kawani, pinalawak na panandaliang pagpaparada sa mga paaralan, at presensya ng kawani sa mga lugar ng pagbababaan para siguruhin ang ligtas na paggalaw ng mga mag-aaral mula sa babaan hanggang sa pasukan ng paaralan.
 - Pagpapatupad ng mga hakbang na nangangasiwa sa ligtas at angkop sa edad na pagbiyahe ng mag-aaral papunta sa paaralan kabilang ang Ligtas na Ruta sa mga Grupo ng Paglalakad sa Paaralan, paggamit ng mga guwardya sa tawiran ng paaralan, mga pagpoprograma sa ligtas na pagbibisikleta at ruta ng bisikleta.
 - Ang mga magulang ay nakikipagtulungan sa mga tauhan ng paaralan para siguruhin na ang mga alternatibong pagpipilian sa transportasyon ay angkop na napapangasiwaan at may mga isinamang estratehiya para sa pisikal na pagdistansya at paggamit ng mga telang pantakip sa mukha.
 - Ang imprastraktura ng gusali ay iniangkop para palakihin ang suporta para sa pagbiyahe gamit ang bisikleta at dinagdagan ang kapasidad ng paradahan ng bisikleta kung maaari.
 - Iba pa:

-
- Ang mga hakbang ay isinaayos para matiyak ang pisikal na pagdistansya habang ang mga mag-aaral, magulang o bisita ay pumapasok at kumikilos sa gusali ng paaralan. Dapat na kabilang dito (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Ang mga iskedyul ay isinaayos para tiyakin na iisa lamang na pangkat ang kumikilos sa mga karaniwang lugar (tulad ng mga pasilyo at banyo) sa iisang panahon.
 - Ang mga empleyado ng paaralan ay nakabantay sa mga pasilyo para siguruhin ang pisikal na pagdistansya habang ang mga mag-aaral ay pumapasok, sumasailalim sa mga pagsusuri ng sintomas at nagpapatuloy sa mga silid-aralan.
 - Ang kapasidad ng elebeytor, kung naaangkop, ay nilimitahan sa bilang ng mga tao na maaaring maisakay habang pinapanatili ang 6 na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga sumasakay; sa mga oras na pinakamarami ang pumapasok at lumalabas sa gusali (peak times), ang bilang na ito ay maaaring baguhin sa 4 na indibidwal sa iisang panahon para sa anumang elebeytor na hindi maaaring gawin ang 6 na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga sumasakay. Ang lahat ng mga sumasakay ay inatasan na magsuot ng mga pantakip sa mukha.
 - Ang sumusunod na mga Hakbang ay isinaayos para iwasan ang pagsisiksikan sa mga hagdanan:
 - Pagtatalaga ng pataas at pababang mga hagdanan _____
 - Paghahalinhan sa mga panandaliang pamamahinga sa pagitan ng mga klase _____
 - Pagsusubaybay sa mga hagdanan na gagawin ng mga kawani ng paaralan _____
 - Iba pa: _____

- Ang mga hakbang ay isinaayos para tiyakin ang pisikal na pagdistansya sa loob ng mga silid-aralan. Kabilang dito ang mga sumusunod na kinakailangan (itsek ang lahat na nalalapat):

- Isang pamamaraan sa pagpapangkat ay ginagamit sa buong paaralan, nagpapanatili ng hindi pabago-bagong grupo na hindi hihigit sa 12 na bilang ng bata o kabataan at hindi hihigit sa dalawang nangangasiwang matanda sa isang pinangasiwang kapaligiran kung saan ang mga nangangasiwang matanda at mga bata ay

nananatiling magkakasama para sa lahat ng aktibidad (hal., mga kainan, paglilibang, atbp.), at pag-iwas sa pakikisalamuha sa mga taong hindi kasama sa kanilang grupo, sa kabuuan ng araw na may pasok. (Isang nangangasiwang nakatatanda (supervising adult) ay maaaring italaga sa 2 magkaibang pangkat ng mga mag-aaral na hindi nagbabago-bago kung ang nakatatanda (adult) ay nag-aalok ng mga dalubhasang serbisyo/suporta na hindi naibibigay ng sinumang iba pang nangangasiwang nakatatanda).

- Ang harapang sukat ng klase ay nilimitahan sa ____ mag-aaral sa mga grado ng elementarya.
- Ang harapang sukat ng klase ay nilimitahan sa ____ mag-aaral sa mga grado ng gitna at mataas na paaralan (middle at high school grades).
- Ang araw ng pagpasok ay hinati sa dalawang sesyon para pahintulutan ang mas kakaunting mag-aaral kada klase.
- Ang pagdalo o attendance ay halinhinan para bawasan ang pangkalahatang bilang ng mga mag-aaral sa mga silid-aralan sa isang bigay na araw.
- Ang ilang mga klase ay inilipat na nang buo sa online.
- Ang pagdalo at pakikilahok sa online na klase ay iniaalok bilang isang pagpipilian (option) para sa lahat ng mga mag-aaral sa lahat ng klase.
- Ang mga alternatibong espasyo ay ginagamit para bawasan ang bilang ng mga mag-aaral sa loob ng mga silid-aralan. Maaaring kabilang dito ang:
 - Aklatan ng paaralan _____
 - Awditoryum _____
 - Kapiterya _____
 - Himnasyo _____
 - Iba pa: _____
- Ang kasangkapan ng silid-aralan ay iniayos para matiyak ang 6 na talampakan sa pagitan ng mga mag-aaral sa kanilang mga mesa at sa pagitan ng mga mag-aaral at guro (ang paglalagay ng mga mesa, paggamit ng mga marka o pananda sa sahig para ipahiwatig ang kinakailangang distansya, atbp.) hanggang sa maaaring magawa. Kung saanman ang 6 na talampakang distansya ay hindi maaari, ang mga pisikal na harang ay ginagamit para mapababa ang mga malapitang pakikisalamuha o kontak.
- Kasangkapan na dinisenyo para sa in-class na mga aktibidad pang-grupo na mas nakapagpapalapit sa mga mag-aaral sa mas mababa pa sa 6 na talampakan ay nirekumpigura na o tinanggal na mula sa silid-aralan.
- Ang mga lugar sa panandaliang pagtulog o pahinga ay inilalagay ang mga mag-aaral sa 6 na talampakang layo mula sa isa't isa at salitan ang mga paa sa ulo.
- Ang mga paraan sa pagtuturo ay binago na para maiwasan ang malapitang pakikisalamuha o kontak sa pagitan ng mga mag-aaral para sa anumang mga klase na maaaring karaniwang may kasamang mga aktibidad pang-grupo.
- Iba pa:

-
- Ang anumang mga aktibidad ng klase ng gym ay iniaalok sa labas at pinipili para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya; ang mga may kontak na laro ay hindi pinahihintulutan.
 - Ang mga patakaran ng paaralan ay nagpapatupad ng pisikal na pagdistansya (nagpapanatili ng distansya na 6 na talampakan ang mga mag-aaral) sa mga silid ng locker (locker room). Ang mga patakaran ay dapat na kabilangan ng:
 - Pag-aalok lamang ng akses sa mga silid ng locker kapag ang pangangasiwa ng mga kawani ay maaari. Ginagawang halinhinan ang akses sa silid ng locker.

- Paglilikha ng mga alternatibong pagpipilian para sa pagtatabi ng mga kasuotan, libro at iba pang mga gamit ng mag-aaral.
- ❑ Ang mga hakbang ay isinaayos para makapagpanatili ng pisikal na pagdistansya sa panahon ng pagkain sa paaralan. Dapat na kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Ang mga pagkain ay kinakain sa mga silid-aralan o labas, nang walang pakikihalubilo ng mga pangkat mula sa magkakaibang mga silid-aralan.
 - Kung ang mga mag-aaral ay pipila para kumuha ng pagkain, ang teyp o iba pang mga marka o pananda ay gagamitin para siguruhin ang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng sinumang dalawang mag-aaral.
 - Ang mga kawani ay nakabantay sa mga kainan para panatilihin ang pisikal na pagdistansya at maiwasan ang anumang paghahalo ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang mga pangkat.
 - Kung ang mga kainan ay magaganap sa kapiterya, halinhinan ang mga pagkain para payagan ang isang pangkat sa iisang panahon sa kapiterya.
 - Kung ang mga kainan ay nagaganap sa isang kapiterya, ang espasyo sa pagitan ng mga mesa/upuan ay dinagdagan para suportahan ang 6 na talampakan na pisikal na pagdistansya. Maaaring gumamit ng mga harang sa pagitan ng mga mesa at/o upuan bilang isang alternatibo kapag ang 6 na talampakang distansya ay hindi maaari.
- ❑ Ang preparasyon ng pagkain at mga operasyon ng serbisyo ay muling dinisenyo, saanman maaari, para makamit ang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga empleyado. Halimbawa, ang kusina at iba pang mga sahig sa likod-bahay ay minarkahan para mapagtibay ang mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga hakbang ay isinaayos para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya sa mga lugar ng paaralan na ginagamit para sa mga serbisyo ng suporta sa mag-aaral.
 - Ang mga kawani ng suporta sa mag-aaral, kabilang ang mga empleyado ng paaralan (mga nars, mga tagapagpayong gabay, mga terapruta, atbp.) at mga empleyado ng mga programa sa dagdag na suporta (mga nagkiklinika, mga tagapagturo ng kalusugan, atbp.) ay inatasan na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan hanggang magagawa habang sumasali sa mga aktibidad sa suporta ng mag-aaral.
 - Ang mga kasangkapang-bahay at kagamitan sa mga lugar ng paaralan na ginagamit para sa mga serbisyo sa suporta ng mag-aaral ay nakaayos para masagawa ang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng sinumang dalawang mag-aaral at/o sa pagitan ng mga mag-aaral at mga kawani.
 - Saanman magagagawa at naaangkop, ang mga aktibidad na panterapeutika at pangsuhporta ay birtuwal na isinasagawa.
 - Ang pagbabahagi ng kagamitan at mga gamit ay iniwasan saanman maaari. Kung ang kagamitan ay dapat na pagsaluhan, dapat itong i-sanitize bago at pagkatapos ng bawat paggamit ng magkakaibang mag-aaral at/o empleyado.
 - Ang mga kawani na nag-aalok ng mga serbisyo sa suporta ng mag-aaral ay binibigyan ng naaangkop na Pansariling Pamprotektang Kagamitan ayon sa mga kinakailangan ng Cal OSHA.
- ❑ Ang mga hakbang ay isinaayos para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya sa mga lugar na pang-administratibo ng paaralan.
 - Karatula na inaalertuhan ang mga bisita sa pangangailangan na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga tauhan ng tanggapan ng paaralan.
 - Teyp o iba pang mga marka o pananda ay ginagamit para tukuyin ang isang 6 na talampakang radius sa palibot ng mga mesa o counter ng resepsyon.
 - Ang mga istasyon ng trabaho ng mga tauhan ng administratibo ay nakaayos na para pahintulutan ang 6 na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal na nagsasalo sa isang espasyo o sa pagitan ng mga tauhan ng tanggapan at mga mag-aaral o iba pang mga kawani na inatasan na bisitahin ang espasyo.

C. MGA HAKBANG NA TINITIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang pagsusuri ay maaaring isagawa bago pumasok sa paaralan ang mga mag-aaral, bisita at kawani. Ang pagsusuri ay dapat na kabilangan ng check-in o pagtatanong para sa **mga sintomas na tumutukoy sa posibleng COVID-19** at anumang iba pang mga sintomas na maaaring nararanasan ng **indibidwal**. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (gamit ang isang digital app o iba pang nabeberipikang pamamaraan) o sa pagdating ng tao. Ang isang pagsusuri sa temperatura gamit ang isang hindi hinahawakang termometro ay kasama sa pagsuri ng sintomas sa pasukan kung magagawa.
 - Ang mga mag-aaral, kawani, at mga bisita na nasuring positibo sa pagpasok o nag-uulat ng mga sintomas sa anumang punto sa araw na may pasok ay iiulat sa COVID-19 Compliance Team (tingnan ang Seksyon A). Ang COVID-19 Compliance Team ay tutukuyin kung ang indibidwal ay mapagbibigyan sa pasilidad alinsunod sa gabay ng DPH sa **mga Landas ng Pagsasala sa Sintomas at Pagkakalantad** sa mga Institusyong Pang-edukasyon. Ang mga mag-aaral na masusuring positibo ay binibigyan ng maskarang pangopera at sasamahan sa isang pauna nang napili (pre-selected) na espasyo sa pagbubukod kung saan sila maaaring manatili habang ginagawa ang pagtutukoy sa pagbubukod (exclusion) at ginagawa ang mga pagsasaayos para sa kanilang pagpapauwi, saanman ipinahihwatig.
 - Alinsunod sa mga Landas ng Pagsasala sa Sintomas at Pagkakalantad ng DPH, ang mga mag-aaral, kawani, at mga bisita na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa isang indibidwal na nasuring positibo para sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng COVID-19 ay inaabisuhan sa posibleng pagkakalantad. Hindi inaatasan ang mga indibidwal na ito na mag-quarantine maliban kung ang pagkakalantad ay makukumpirma sa isang positibong COVID-19 dayagnostikong pagsuri sa virus o isang klinikal na dayagnosis mula sa medikal na tagapagbigay (medical provider). Ang mga mag-aaral na may kumpirmadong pagkakalantad ay sinasamahan sa paunang piniling espasyo sa pagbubukod kung saan sila ay maaaring manatili hanggang magawa ang mga pagsasaayos para sa kanilang pag-uwi. Ang espasyong ito ay hiwalay mula sa isang itinabi para sa mga mag-aaral na may mga sintomas (symptomatic). Maaaring ito ay isang hiwalay na silid o isang lugar na nasa loob ng parehong silid na hinihiwalay sa pamamagitan ng isang harang. Sa sandaling sila ay makauwi na, sila ay inaatasan na mag-quarantine ng sarili tulad ng inaatas ng Utos sa **Pag-quarantine** ng Opisyal ng Kalusugan.
- Ang pagsusuri ng mga matanda at mga mag-aaral na nasa edad ng gitna at mataas na paaralan ay kinabibilangan ng isang katanungan tungkol sa malapitang pakikisalamuha o kontak sa sinumang tao sa bahay, paaralan o saanman na napagsabihan ang indibidwal kung saan ito nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19.
 - Ang sinumang matanda na nasuri para sa pagkakalantad at nag-uulat ng malapitang pakikisalamuha o kontak sa isang nahawaang tao ay inaatasan na lisanin ang paaralan, umuwi para pasimulan ang pagbubukod sa sarili, at kumuha ng pagsusuri (testing) para sa COVID-19.
 - Ang sinumang mag-aaral ng gitna at mataas na paaralan na nasuri para sa pagkakalantad at nag-uulat ng malapitang pakikisalamuha o kontak sa isang nahawaang tao ay binibigyan ng isang pang-opera na maskara at sinasamahan sa paunang natukoy na espasyo sa paaralan habang ginagawa ang mga pagsasaayos para sa kanila upang kunin ng mga magulang nang sa gayon ay mapasimulan ang pagbubukod sa bahay. Pinapayuhan ang mga magulang na humanap ng pagsusuri (testing) para sa bata.
- Ang mga hakbang ay isinaayos para limitahan ang panganib ng impeksyon dahil sa mga pagbisita ng mga indibidwal maliban sa mga kawani at mag-aaral. Maaaring kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Ang mga pagbisita sa paaralan ng mga indibidwal maliban sa mga kawani at mag-aaral ay inihiwasan. Ang mga magulang ng mga nakatalang (enrolled) mag-aaral ay hinihikayat na

makipag-ugnayan nang malayuan sa mga tauhan ng paaralan kung maaari.

- Ang mga bisita sa paaralan maliban sa mga magulang ng mga nakatalang mag-aaral ay limitado sa mga kinakailangan para sa operasyon ng paaralan. Ang mga bisita ay sa pamamagitan ng tipanan (appointment) lamang at paunang nakarehistro sa isang talaan ng bisita (visitor log) na kinabibilangan ng pangalan ng bisita, numero ng telepono at email address. Ang mga bisita ay inaatasan na pumunta sa kanilang mga tipanan nang mag-isa. Kung ang bisita ay dapat na samahan ng isa pang tao (hal., para sa tulong sa pagsasalin, o dahil ang bisita ay isang menor de edad, o mayroong mga menor de edad na mag-aaral), ang kanilang impormasyon ay makukuha sa talaan ng bisita.
- Ang mga bisitang dumarating sa paaralan na may kasamang mga hindi nakatala o naka-enroll na bata (hal., mga nakababatang kapatid ng mga mag-aaral) ay dapat tiyakin na ang mga batang ito ay mananatiling katabi ng isang matanda, iwasan na mahawakan ang sinumang mga tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at nakamaskara kung 2 taong gulang o mas matanda pa at walang panganib dulot ng isang kondisyon sa palahingahan.
- Ang pagkilos ng mga bisita sa loob ng paaralan ay limitado sa mga itinalagang lugar tulad ng resepsyon o lugar ng lobby, mga tanggapan, mga silid ng komperensya o pagpupulong, at pampublikong banyo hanggang magagawa. Ang mga bisita ay hindi pinahihintulutan na makihalubilo sa anumang mga pangkat.
- Ang mga bisita na dumarating sa paaralan ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa loob ng paaralan. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat mabigay sa mga bisita na dumarating na wala nito.

Ang mga hakbang ay isinaayos para itaguyod ang pinakamaayos na bentilasyon sa paaralan. Maaaring kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):

- Hindi bababa sa 50% ng pag-aaral sa silid-aralan, kainan, at mga aktibidad ay inilipat sa labas na espasyo kung kailanman maaari at kung pinahihintulutan ng lagay ng panahon.
- Ang sistema ng HVAC ng paaralan ay maayos at gumagana.
- Ang mga sistema ng HVAC ay itinakda para pataasin ang palitan ng panloob/panlabas na hangin maliban kung ang mga kondisyong panlabas (kamakailang sunog, napakataas na temperatura sa labas, mataas na bilang ng pollen, atbp.) ay hindi angkop.
- Nabibitbit, maayos na mga panglinis ng hangin ay nailagay na kung maaari.
- Ang mga pintuan at bintana ay pinananatiling bukas sa araw na may pasok kung maaari at kung ang mga kondisyong panlabas ay angkop.
- Ang mga panala ng hangin ay naitaas sa maaaring pinakamataas na kahusayan.
- Iba pa:

Ang mga hakbang ay isinaayos para tiyakin ang angkop na paglilinis at pagdidisimpekta ng espasyo, mga ibabaw at bagay sa lahat ng dako ng paaralan. Maaaring kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):

- Isang iskedyul sa paglilinis at pagdidisimpekta ay naitatag na upang maiwasan ang kakulangan at pagmamalabis sa paggamit ng mga produkto sa paglilinis.
- Ang mga bus ay lubusang nililinis at dinidisimpekta araw-araw at pagkatapos na maghatid ng sinumang indibidwal na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19. Ang mga drayber ay binigyan ng mga pandisimpektang pamunas at patapong (disposable) mga guwantes para suportahan ang pagdisimpekta ng mga ibabaw kung kinakailangan habang ginagamit. Ang mga madalas na mahawakang ibabaw ay

dinidisimpekta pagkatapos ng bawat nakumpletong ruta ng bus.

- Ang mga karaniwang lugar at madalas na mahawakang mga bagay sa mga lugar na iyon (mga mesa, hawakan ng pinto, suwits ng ilaw, ibabaw ng counter, hawakan, mesa, telepono, keyboard, suwits at buton ng elebeytor, touch screen, printer/tagakopya, grab bar, at mga hawakan ng kamay) ay dinidisimpekta isang beses sa isang araw at mas madalas habang pinahihintulutan ng mga mapagkukunan gamit ang mga naaangkop na produkto (tingnan sa ibaba).
- Ang paggamit ng mga napagsasaluhang bagay ay tinanggal na saanman maaari, halimbawa, mga bukal ng tubig (water fountains) ay isinara at indibidwal na mga bote ng tubig ay ibinibigay bilang isang alternatibo, ang kagamitan ng palaruan na madalas hawakan ay maaaring tinanggal na para hindi na magamit at pinalitan ng hindi hinahawakang mga laro sa palaruan, atbp.
- Kung saan ang mga pang-indibidwal na alternatibo ay hindi magagawa, halimbawa, sa mga laboratoryo at mga silid ng sining kung saan ang ilang kagamitan ay maaaring dapat na gamitin ng maraming mag-aaral, ang mga bagay at ibabaw ay nililinis at dinidisimpekta sa pagitan ng mga gumagamit.
- Ang mga produkto sa paglilinis na epektibo laban sa COVID-19 (nakalista ang mga ito sa aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency o EPA) ay ginagamit ayon sa mga tagubilin ng produkto. Kapag walang magagamit na mga pandisimpekta na aprubado ng EPA, ang mga alternatibong pandisimpekta ay maaaring gamitin (halimbawa, 1/3 na tasa ng pagpapaputi (bleach) na dinagdag sa 1 galon ng tubig, o 70% solusyon ng alkohol). Huwag ihalo ang pagpapaputi o anumang iba pang mga produkto sa paglilinis at pandisimpekta nang magkasama – nakalilikha ito ng nakakalasang usok na maaaring napaka-mapanganib na malanghap.
- Ang mga kawani sa pag-iingat at iba pang mga kawani na responsable para sa paglilinis at pagdidisimpekta ng mga ibabaw at bagay sa paaralan ay sinanay sa mga tagubilin ng tagagawa, mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit at tulad ng inaatas ng Kilos sa Malusog na Paaralan, kung naaangkop.
- Ang mga kawani sa pag-iingat at iba pang mga kawani na responsable para sa paglilinis at pagdidisimpekta ay binigyan ng naaangkop na pansariling pamprotektang kagamitan, kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan tulad ng inaatas ng produkto.
- Ang lahat ng mga produkto sa paglilinis ay nasa hindi maaabot ng mga bata at nakatabi sa isang espasyo na may nilimitahang akses.
- Ang bentilasyon ay pinalakas nang labis sa panahon ng paglilinis at pagdidisimpekta hanggang matapos ang gawain. Kung gumagamit ng aircon, gamitin ang setting na nagdadala ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga panala ng hangin o air filter at mga sistema sa pagsasala o filtration systems para matiyak ang pinakamainam na kalidad ng hangin.
- Ang pinahusay na paglilinis ng nasasakupang lugar ng paaralan ay ginagawa kapag ang mga mag-aaral ay wala sa paaralan at may sapat na oras para palabasin ang hangin sa mga espasyo bago ang pagsisimula ng araw na may pasok.
- Ginagawa ang mga hakbang para tiyakin na ang lahat ng mga sistema sa tubig at mga lababo ay ligtas na gamitin pagkatapos ng napahabang pagsasara ng pasilidad upang mapababa ang panganib ng sakit na Legionnaire at iba pang mga sakit na nauugnay sa tubig.
- Ang mga banyo (restrooms), lobby, silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), at pahingahan (lounges) at iba pang mga karaniwang lugar ay dinidisimpekta nang madalas, sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga banyo: _____
 - Mga lobby/lugar ng pasukan:

 - Mga silid sa panandaliang pamamahinga ng guro/kawani:

- Mga silid-aralan: _____
- Lugar ng kainan sa kapiterya: _____
- Lugar sa paghahanda ng pagkain sa kapiterya: _____
- Harapang tanggapan: _____
- Iba pang mga tanggapan: _____
- Iba pang mga lugar: _____

- Ang mga hakbang ay isinaayos para tiyakin ang paggamit ng mga naaangkop na pantakip sa mukha ng lahat ng kawani, mag-aaral at bisita sa lahat ng oras. Maaaring kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):
- Ipinagbigay-alam sa mga kawani, magulang at mag-aaral ang kinakailangan para sa telang pantakip sa mukha bago ang pagsisimula ng paaralan at sa regular na batayan sa kabuaan ng pampaaralang taon.
 - Ang lahat ng mga mag-aaral na higit 2 taong gulang ay inaatasan na magsuot ng mga telang pantakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa ari-arian ng paaralan maliban kung kumakain, umiinom o nagsasagawa ng iba pang mga aktibidad na nakapagpapahinto sa paggamit ng mga pantakip sa mukha.
 - Ang mga alternatibong estratehiyang pamproteksyon ay maaaring pagtibayin para tulungan ang mga mag-aaral na nasa Indibidwal na Edukasyon o 504 mga plano at hindi makakagamit o makakayanan ang mga telang pantakip sa mukha.
 - Nagbibigay ng impormasyon sa mga kawani, magulang at mag-aaral tungkol sa wastong paggamit ng telang pantakip sa mukha kabilang ang pangangailangan na labhan ang mga telang pantakip sa mukha pagkatapos ng bawat paggamit.
 - Karatula na nasa pasukan sa paaralan, sa pasukan sa tanggapan ng paaralan at sa buong gusali ng paaralan na pinagtibay ang pangangailangan na ito at inilalarawan ang wastong paggamit ng mga telang pantakip sa mukha.
 - Kung magagawa, dalawang telang pantakip sa mukha ang ibinibigay sa bawat mag-aaral sa simula ng pampaaralang taon. Kung hindi iyan magagawa, ang mga magulang at mag-aaral ay binibigyan ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan para sa paggawa ng kanilang sariling mga telang pantakip sa mukha.
 - Ang mga magulang ng mas nakababatang mga bata ay hinihikayat na magbigay ng pangalawang pantakip sa mukha para sa paaralan sa bawat araw sakaling madumihan ang isang suot-suot ng bata; magpapahintulot ito para sa pagpapalit ng pantakip sa mukha sa araw.
 - Ang mga kawani na nakabantay sa pasukan ng paaralan o sa mga pasilyo o iba pang mga karaniwang lugar para pagtibayin ang pisikal na pagdistansya ay nagpapaalala rin sa mga mag-aaral ng mga tuntunin tungkol sa paggamit ng mga telang pantakip sa mukha.
 - Ang mga empleyado na sumasali sa mga aktibidad (tulad ng pagbibigay ng pisikal na terapewtika (therapy) o pansarili (personal) na tulong sa mga indibidwal na mag-aaral) na maaaring hindi magpahintulot ng pisikal na pagdistansya ay nabigyan ng naaangkop na pansariling pamprotektang kagamitan (mga guwantes, maskara, gown, atbp.) kung naaangkop.
 - Ang mga kawani na nag-aalaga ng isang may sakit na mag-aaral ay binigyan ng isang maskara na may medikal na grado para kanilang isuot, at isang maskara na may medikal na grado para suotin ng mag-aaral (kung ito ay kakayanin) hanggang sa lisanin ng mag-aaral ang gusali.

TANDAAN: Ang mga kawani at mag-aaral na mag-isa sa mga saradong tanggapan, may pader na kubiko o iba pang mga pribado, nasarahang espasyo ay hindi inaatasan na magsuot ng mga telang pantakip sa mukha. Maaari ring tanggalin ng mga mag-aaral ang mga telang pantakip sa mukha kapag kumakain o umiidlip o kapag ang pagsusuot ng isang telang pantakip sa mukha ay hindi praktikal (hal., habang naliligo, atbp.) Maaaring isaalang-

alang ng paaralan kung naaangkop para sa isang guro sa mga mabababang grado na gumamit ng isang plastik na panangga ng mukha (face shield) na may nakatuping maluwa na tela sa ibaba ng baba bilang kapalit para sa isang telang pantakip sa mukha upang magawang makita ng mga pinakabatang mag-aaral ang mukha ng kanilang guro at maiwasan ang mga posibleng harang sa ponolohikal na tagubilin.

- Ang mga hakbang ay isinaayos para matiyak ang madalas na paghuhugas ng kamay ng mga kawani, mag-aaral at bisita. Maaaring kabilang dito ang (itseks ang lahat na nalalapat):
 - Ang mga mag-aaral at kawani ay binigyan ng madalas na mga pagkakataon na hugasan ang kanilang mga kamay nang 20 segundo gamit ang sabon, lubusang nagkukuskos pagkatapos ng aplikasyon, at paggamit ng mga tuwalyang papel (o minsanang-gamit na mga telang tuwalya) para patuyuin nang lubusan ang mga kamay. Ang bawat pangkat ay inaatasan na gumamit ng itinalagang banyo; kung ang mas marami sa isang pangkat ang itinalaga na gumamit ng parehong banyo, isang sistema na gumamit ng kulay ay gagamitin para bawasan ang bilang ng mga mag-aaral na mula sa magkakaibang pangkat na gamitin ang banyo sa parehong oras.
 - Ang mga mas batang mag-aaral ay regular na iniskedyul para sa madalas na iniutos na mga pahinga para sa paghuhugas ng kamay, kabilang ang bago at pagkatapos kumain, pagkatapos ng pagbabanyo, pagkatapos ng paglalaro sa labas, at bago at pagkatapos ng anumang aktibidad na pang-grupo.
 - Ang mga kawani ay inaatasan na ipakita ang madalas na paghuhugas ng kamay, lalo na sa mga mas mababang grado kung saan ang oras ng pagbanyo ay isang pagkakataon para pagtibayin ang malulusog na kinagawian at masubaybayan ang wastong paghuhugas ng kamay.
 - Ang mga nabibitbit na estasyon sa paghuhugas ng kamay ay inilagay malapit sa mga silid-aralan para pababain ang pagkilos at pagtitipon-tipon sa mga palikuran hangga't ito ay praktikal.
 - Ang hand sanitizer na naglalaman ng ethyl alcohol (naglalaman ng hindi bababa sa 60% ethanol) ay magagamit ng mga mag-aaral at kawani sa mga estratehikong lokasyon sa buong paaralan kung saan walang lababo o nabibitbit na estasyon sa paghuhugas ng kamay (sa mga silid-aralan o malapit sa mga silid-aralan, mga silid kung saan binibigay ang mga serbisyo ng suporta, mga silid ng musika at sining). Mas pinipili ang hand sanitizer na may ethyl alcohol at dapat na gamitin sa mga kapaligiran ng paaralan. Ang mga hand sanitizer na may isopropyl alcohol bilang ang pangunahing aktibong sangkap ay hindi ginagamit sa paaralan, dahil ito ay mas nakakairita at maaaring sumipsip sa balat.
 - Ang paglunok ng mga hand sanitizer na may alkohol ay maaaring magsanhi ng pagkalason. Hindi dapat lantad ang hand sanitizer at dapat na gamitin na may pangangasiwa ng nakatatanda para sa mga batang wala pang 9 na taong gulang. Ang mga guro at kawani ay binigyan ng kaalaman sa panganib ng paglunok at dapat silang tumawag sa Pagkontrol ng Lason sa 1-800-222-1222 kung may dahilan para maniwala na ang isang mag-aaral ay nakakonsumo ng hand sanitizer.
 - Ang hand sanitizer, sabon at tubig, mga tisyu at basurahan ay magagamit ng publiko sa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa resepsyon, at saanman sa loob ng lugar ng trabaho o agad sa labas kung saan ang mga tao ay mayroong direktang pakikipag-ugnay.
- Ang mga hakbang ay isinaayos para matiyak ang pagkontrol ng impeksyon sa kapiterya ng paaralan o iba pang lugar kung saan ang pagkain ay inihahain o kinukuha.
 - Ang buffet at mga estilong pampamilyang kainan ay tinanggal na.
 - Ang mga pagpipilian (option) sa pagkain ay kinabibilangan ng mga paunang naimpakeng pagkain, mga maiinit na pagkain na inihahain ng kawani ng kapiterya at/o pagkain na dala ng mga mag-aaral mula sa bahay.
 - Ang mga pisikal na harang ay isinaayos kung saan kailangan para limitahan ang pakikisalamuha o kontak sa pagitan ng mga kawani ng kapiterya at mga mag-aaral.
 - Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

D. MGA HAKBANG NA NAKIKIPAGKOMUNIKASYON SA KOMUNIDAD NG KAMPUS AT SA PUBLIKO

- Nagpadala ng impormasyon sa mga magulang at mag-aaral bago ang pagsisimula ng pasukan tungkol sa mga patakaran ng paaralan na nauugnay sa (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Mga patakaran sa pagbubukod na nalalapat sa mga mag-aaral na mayroong mga sintomas o maaaring nalantad sa COVID-19 _____
 - Mga pagpipilian para sa pagsusuri (testing) sa COVID-19 kung ang isang mag-aaral o isang miyembro ng pamilya ay may mga sintomas o nalantad sa COVID-19 _____
 - Sino ang dapat kontakin sa paaralan kung ang mag-aaral ay may mga sintomas o maaaring nalantad _____
 - Paano magsagawa ng isang pagsusuri sa sintomas bago umalis ng bahay ang mag-aaral _____
 - Kinakailangang paggamit ng mga pantakip sa mukha _____
 - Kahalagahan ng pagsunod ng mag-aaral sa pisikal na pagdistansya at mga patakaran sa pagkontrol ng impeksyon _____
 - Mga pagbabago sa akademiko at ekstrakurikular na pagpoprograma upang makaiwas sa panganib _____
 - Mga pagbabago sa mga kainan sa paaralan upang makaiwas sa panganib _____
 - Mga patakaran ng paaralan tungkol sa mga pagbisita ng magulang sa paaralan at sa pagiging kapayo-payo ng pakikipag-ugnayan nang malayuan sa paaralan _____
 - Kahalagahan ng pagbibigay sa paaralan ng napapanahong pang-emerhensyang impormasyon ng kontak kabilang ang maramihang mga pagpipilian sa pakikipag-ugnayan sa magulang _____
 - Iba pa: _____

- Isang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa paaralan.

- Karatula ay nakapaskil sa buong paaralan na pinaaalalahanan ang mga kawani at mag-aaral sa mga patakaran tungkol sa pisikal na pagdistansya, paggamit ng mga pantakip sa mukha, at kahalagahan ng paghuhugas ng kamay.

- Karatula ay nakapaskil sa bawat pampublikong pasukan ng paaralan na nagbibigay-alam sa mga bisita na hindi sila dapat pumasok sa pasilidad kung may mga sintomas sila ng COVID-19.

- Ang paaralan ay nakagawa at nakapagpalaganap ng isang plano sa komunikasyon sakaling kailanganin ang ganap o bahagyang pagsasara dahil sa isang maaaring kumpol ng mga kaso ng COVID-19.

- Ang mga online outlet ng paaralan (website, sosyal (social) media, atbp.) ay nagkaloob ng maliwanag, napapanahong impormasyon tungkol sa mga oras ng gusali, mga patakaran sa pagbisita, mga pagbabago sa akademiko at ekstrakurikular na pagpoprograma, mga kinakailangan tungkol sa paggamit ng mga pantakip sa mukha, pisikal na pagdistansya at paghuhugas ng kamay.

- Ang mga online outlet ay tinuturuan ang mga mag-aaral, magulang at guro sa kung paano kontakin ang

paaralan sa kaso ng impeksyon o pagkakalantad.

E. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Isang plano para sa pagbabago ng mga Plano sa Edukasyon ng mga Indibidwal (IEPs) at 504 na mga plano ng mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan ay binuo na para matiyak na ang edukasyon ay makapagpapatuloy nang walang labis na panganib sa mag-aaral.
 - Ang planong ito ay kinabibilangan ng isang pamamaraan para sa maagap (proactive) na kontak sa paaralan sa mga magulang sa pagsisimula ng taon ng paaralan para matiyak na ang mga isyu kaugnay sa edukasyon at kaligtasan ng bata ay natutugunan.
 - Ang mga pagbabago sa indibidwal na IEPs at 504 na mga plano ay maaaring kabilangan ng malayuang pag-aaral, mga pagbabago sa silid-aralan para makibagay sa mga pangangailangan ng mag-aaral, pagdalo o pagpasok sa paaralan na nasa isang hiwalay na lugar na may kakaunting mag-aaral, o isang halong pamamaraan na pinagsasama ang personal na pagkaklase at malayuang pag-aaral.
 - Gumawa ng mga hakbang para baguhin ang IEPs at 504 na mga plano para masiguro na ang kaligtasan ng mag-aaral ay sumusunod sa mga probisyon ng estado at pederal na batas.
- Ang mga administratibong serbisyo o operasyon na maaaring ialok nang malayuan (hal., rehistrasyon sa klase, pagsusumite ng form, atbp.) ay inilipat na sa on-line.

Ang anumang mga hakbang na hindi kasama sa itaas ay dapat na nakalista sa hiwalay na mga pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo: _____

Numero ng Telepono: _____

Petsa ng Huling Nirebisa: _____